City Clerk's Office · 555 Santa Clara Street · Vallejo · CA · 94590 · 707.648.4527

ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

Petsa ng Pagdinig:	Enero 11, 2022
Oras:	8 p.m.
Lokasyon:	Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring dumalo sa personal o lumahok mula sa malayo sa pamamagitan ng Zoom https://ZoomRegular.CityofVallejo.net
Uri ng Pagdinig:	Ikatlong Pampublikong Pagdinig upang Tumanggap ng Ideya o Komento mula sa Komunidad Tungkol sa Muling Pagguhit ng Mga Hangganan ng Distritong Panghalalan
Lupon para sa Pagdinig:	Konseho ng Lungsod ng Vallejo

SA PAMAMAGITAN NITO AY IBINIBIGAY ANG ABISO, na sa Martes, Enero 11, 2022, sa ganap na 8:00 p.m., alinsunod sa Seksiyon 21607.1 ng Kodigo ng Mga Eleksiyon, magsasagawa ang Konseho ng Lungsod ng pampublikong pagdinig upang: 1) tumanggap ng ulat mula sa tauhan at demograpo ng Lungsod tungkol sa proseso ng muling pagdistrito at pinapahintulutang pamantayan na isaalang-alang para muling iguhit ang mga hangganan ng distritong panghalalan ng Konseho ng Lungsod; at 2) suriin ang inilabas na Data ng Senso ng 2020 at mga draft na mapa; at 3) magsagawa ng pampublikong pagdinig upang tumanggap ng ideya o komento ng publiko sa mga hangganan ng distrito.

Inaanyayahan ang lahat ng interesadong tao na dumalo sa nasabing pagdinig at magpahayag ng mga opinyong may kinalaman sa usaping ito.

Mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa pamamagitan ng telepono sa (707) 648-4527 o sa email sa dawn.abrahamson@cityofvallejo.net kung kinakailangan ang aktuwal na oras na pagsasalin sa naaangkop na wika para sa pagdinig na ito. Makakatulong ang pagbibigay ng abiso 72 oras bago ang pagpupulong para makagawa ang Lungsod ng makatuwirang pagsasaayos.

PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON, MANGYARING MAKIPAG-UGNAYAN SA
mapvallejo@cityofvallejo.net
o bisitahin ang www.mapvallejo.org

Inilathala ang Abiso noong: Huwebes, Disyembre 30, 2021

Dawn G. Abrahamson, City Clerk